



Pagsasa-Filipino ng Unang Tatlong
Lasalyanong Modyul

2000

Isang Master Tesis na Iniharap sa mga Guro ng
Pearelang Gradwado ng Edukasyon, Sining at Agham
ng Pamantasang De La Salle - Dasmariñas
Dasmariñas, Cavite

Bilang Bahagi sa Pagtupad sa Pangangailangan
Upang Makamit ang Titulong
Master ng Sining
Dalubhase sa Filipino

MAILYN B. AMBION

• Tag-araw 2000



ABSTRAK

PANGALAN NG INSTITUSYON : Pamantasang De La Salle-Dasmariñas

PAMAGAT : Pagsasa-Filipino ng Unang Tatlong
Lesalyanong Modyul

TAONG-ARALAN : Tag-araw 2000

AWTOR : Mailyn Bayot-Ambion

HALAGA NG NAGASTOS : P20,000

MGA LAYUNIN NG PAG-AARAL:

PANGKALAHATAN:

Maisalin sa Filipino buhat sa tekstong Ingles ang unang tatlong Lesalyanong modyul batay sa teorya ni Larson (1984) at mungkahing pamamaraan ni Santiago (1994).

ISPESIPIKO:

- a. Masuri ng awtor ang unang burador ng isinagawang pagsasalin.
- b. Mapagtibay ang modyul sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga sumusunod:
 - b.1 ilang tagapagsaling-wika sa Pamantasang De La Salle-Dasmariñas.
 - b.2 *University Lasallian Family Office*
 - b.3 isa sa mismong awtor
- c. Marebisa ang pagsasalin batay sa mga komento, mga mungkahing at mga pagwawastong isinagawa ng mga tagapagpatibay.



SAKLAW NG PAG-AARAL:

Ang pag-aaral na ito ay sumasaklaw lamang sa pagsasalin sa Filipino mula sa tekstong Ingles ng unang tatlong Lasalyanong modyul.

PAMAMARAAN:

1. Bago isinalin ang modyul, ang awtor ay nagsagawa ng sarbey ng mga modelo o pamamaraan sa pagsasalin.
2. Matapos ang maluwakang pagbabasa at pagsusuri sa iba't ibang pag-aaral at mga aklat sa pagsasaling-wika, ang mananaliksik ay pumili ng pinakaangkop na pamamaraan sa pagsasalin.
3. Kumunsulta rin ang mananaliksik sa *English-Tagalog Dictionary* ni Leo James English (1992) at ang *Diksiyunaryong English-Filipino* (1997). Gayundin naman sumangani rin ang awtor sa Bibliya ng Sambayanang Pilipino para sa pagsasalin ng tekstong Biblikal.
4. Ipinasuri ang isinaling teksto sa lupon ng tagasaling-wika sa Pamantasang De La Salle- Dasmariñas, sa University Lasallian Family Office at sa isa sa miyong sumulat ng modyul gamit ang *rating scale* at *marginal notes*.
5. Muling nagsagawa ng rebisyon ang awtor batay sa *marginal notes* na isinagawa ng dalawang lupon ng nagsagawa ng balidasyon.

KONGKLUSYON:

1. Ang teorya ng pagsasalin ni Larson at mungkahing pamamaraan ni Santiago ay mabisa sa pagsasalin ng mga tekstong panrelihiyon.



2. Ang lahat ng mga suliranin sa pagsasalin ay malulunasan sa pagpili ng angkop na teorya at pamamaraan, gayundin naman, ang pagsangguni sa mga espesyalista sa pagsasalang-wika at sa paksang isasalin.
3. Tulad ng paniniwala ng di-talang espesyalista, ang pagsasalin ng tekstong panrelihiyon ay tunay na hindi gawang biro. Nangangailangan ito ng tiyaga at mahabang panahon ng pag-aaral, pag-aanalisa at pagsusuri upang maging matagumpay ang gagawing pagsasalin.

REKOMENDASYON:

1. Gamitin ang nasaaling modyul sa mga kasapi ng Pamilyang Lasalyano partikular sa Pamantasang De La Salle-Dasmariñas.
2. Isaaklat o isa-pamplet ang isinaling unang tatlong modyul sa Filipino ng Pamantasang De La Salle - Dasmariñas.
3. Upang lalo pang mapahusay at mapayaman ang mga modyul, makabubuting isangguni ang mga ito nang pana-panahon sa mga espesyalista sa pagsasalang-wika.
4. Ipagpatuloy ang batay sa kahulugang salin ni Larson (1984) at mga mungkahing pamamaraan ni Santiago (1994) sa pagsasalin ng nalalabi pang Lasalyanong modyul.
5. Ipasuri ang nabuong salin sa iba pang Lasalyanong Brother na sumulat at nakibahagi sa pagbuo ng modyul para sa lalo pang ikatitayak ng kahulugang panrelihiyon nito.